


# Nobyembre 8, 2022

## Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon



SA DAMI NG PARAAN PARA MAKABOTO NANG LIGTAS,

# PLANUHING BUMOTO SA TAGLAGAS!

## Pagpaparehistro ng Botante

Kung kailangan ninyong magpaparehistro upang makaboto o i-update ang impormasyon sa inyong rehistrasyon, pumunta sa [registertovote.ca.gov](https://registertovote.ca.gov) o makipag-ugnayan sa amin para makakuha ng papel na form ng pagpaparehistro. Para makatanggap ng balota sa koreo, kailangan ninyong magpaparehistro nang hindi lalapas sa **Oktubre 24, 2022**. Matapos ang petsang iyon, maaari pa rin kayong magpaparehistro at bumoto nang probisyonal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan.

Kung hindi kayo sigurado na kayo ay rehistradong makaboto sa San Francisco, o kung napapanahon ba ang impormasyon sa inyong rehistrasyon tulad ng inyong address, pumunta lamang sa [voterstatus.sos.ca.gov](https://voterstatus.sos.ca.gov).

Ayon sa lokal na batas, maaaring magpaparehistro at makaboto sa Nobyembre 8 na eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan ang ilang taga-San Francisco na hindi mamamayan. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa [sfelections.org/ncv](https://sfelections.org/ncv) o makipag-ugnayan sa amin.



CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO  
DEPARTMENT OF ELECTIONS

# Ang Bagong Mapa ng Superbisoryal na Distrito ng San Francisco

Sa unang bahagi ng taong ito, iginuhit muli ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ang linya ng mga hangganan ng Superbisoryal na mga Distrito ng San Francisco. Dahil sa mga pagbabagong ito, maaaring nagiba na ang kinapapaloobang Superbisoryal na Distrito ng inyong address ng tirahan na siya namang makaaapekto sa mga labanang Superbisoryal at mga kandidato na lalabas sa inyong balota para sa Nobyembre 8. Para makita ang kasalukuyan ninyong pinagbobotohang mga distrito, pumunta sa [sfelections.sfgov.org/maps](https://sfelections.sfgov.org/maps) o gamitin ang online na lookup tool sa [sfelections.org/myvotingdistrict](https://sfelections.org/myvotingdistrict).

## Mga Labanan sa Balota

Sa Nobyembre 8, 2022 na eleksyon, ihahalal ng mga botante ang mga pampederal, pang-estado, at panlokal na mga opisyal, kasama ang mga Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor para sa Superbisoryal na mga Distrito 2, 4, 6, 8, at 10. Pagbobotohan din ang mga panlokal at pang-estadong panukalang-batas.

Para sa impormasyon ukol sa mga kandidato at panukalang-batas na lalabas sa inyong balota, sumangguni lamang sa inyong panlokal na Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at sa Gabay na Impormasyon para sa Botante ng Estado (parehong ipadadala sa koreo sa unang bahagi ng Oktubre).

## Mga Opsiyon sa Pagboto

Awtomatiko nang makatatanggap ng balota sa koreo ang lahat ng botante at may opsyon din silang makaboto nang personal bago o sa mismong Araw ng Eleksyon.

### 1. Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo

Bandang Oktubre 10, 2022, ipadadala sa koreo ng Departamento ng mga Eleksyon ang mga vote-by-mail na pakete na naglalaman ng opisyal na balota, mga instruksiyon, “Bumoto ako!” na sticker, at pambalik na sobre na bayad na ang selyo, sa lahat ng lokal na rehistradong botante. Magagamit din ng lahat ng botante sa [sfelections.org/access](https://sfelections.org/access) ang sistema ng aksesibleng vote-by-mail, na may mga balotang nababasa sa screen na akma sa mga personal na aparatong pantulong.

Gumamit man kayo ng papel o aksesibleng balota, may tatlong hakbang na kailangan ninyong kompletuhin:

	Papel na Balotang Vote-by-Mail	Aksesible na Balotang Vote-by-Mail
<b>1</b>	<b>Markahan ang Inyong Balota</b> Basahin ang mga instruksiyon na naka-imprensa sa inyong balota bago kayo gumawa ng mga pagpili.	Pumunta sa <a href="https://sfelections.org/access">sfelections.org/access</a> para ma-access ang inyong balota at basahin ang mga online na instruksiyon bago kayo gumawa ng mga pagpili.
<b>2</b>	<b>Ihanda ang Inyong Sobre</b> Alisin ang resibo mula sa itaas ng mga kard ng balota at ipasok ang mga kard sa loob ng pambalik na sobre. Kompletuhin at pirmahan ang seksyon para sa botante ng sobre, at isara ito nang mabuti.	I-print ang inyong balota at ipasok ito sa pambalik na sobre. Kompletuhin at pirmahan ang seksyon para sa botante ng sobre, at isara ito nang mabuti.
<b>3</b>	<b>Ibalik ang Inyong Balota</b> Para mabilang, kailangang malagyan ng postmark nang hindi lalagpas sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8, ang mga balotang ibabalik <b>sa pamamagitan ng koreo</b> . (Alamin ang oras ng pagkolekta kung ipadadala ninyo sa koreo ang inyong balota sa Araw ng Eleksyon). Para mabilang, ang mga balotang ibabalik <b>nang personal</b> ay kailangang maihatid sa opisyal na kahon na hulugan ng balota* o sa lugar ng botohan nang hindi lalagpas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8.	

\*Nag-aalok na ang Departamento ng mga Eleksyon ng 34 na opisyal na kahon na hulugan ng balota sa mga komunidad sa buong San Francisco. Magbubukas nang 24 oras araw-araw ang mga kahon na hulugan simula Oktubre 10 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8. Para sa mga lokasyon, bumisita sa [sfelections.org/balotdropoff](https://sfelections.org/balotdropoff).

### 2. Bumoto nang Maaga sa Sentro ng Botohan sa City Hall

Magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall para sa lahat ng taga-San Francisco na nais magparehistro upang makaboto o bumoto nang personal, makagamit ng aksesibleng kagamitan sa pagboto, makatanggap ng personal na tulong, o magbalik ng kanilang balota:

- Lunes–Biyernes, mula Oktubre 11 hanggang Nobyembre 7, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- Huling dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon (Oktubre 29-30 at Nobyembre 5-6), mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- Sa Araw ng Eleksyon (Nobyembre 8), mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

### 3. Bumoto sa inyong Lugar ng Botohan sa Araw ng Eleksyon

Mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, magbubukas ang humigit-kumulang sa 500 lugar ng botohan para sa pagboto nang personal at para sa mga serbisyo sa paghuhulog ng balota.

Kung napagpasyahan ninyong bumoto sa inyong lugar ng botohan, mangyaring tiyakin ang address nito sa [sfelections.org/myvotinglocation](https://sfelections.org/myvotinglocation) o sa likod ng inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante dahil marami sa mga lugar ng botohan ang nagbago ng lokasyon simula noong nakaraang eleksyon!

# Nangangailangan ang San Francisco ng mga Poll Worker

Alam ba ninyo na kinakailangan ang halos 2,000 na manggagawa sa lugar ng botohan o poll worker para magsagawa ng pagboto nang personal? Maaari kayong makatulong sa inyong komunidad na makaboto at kumita ng hanggang \$295 sa pamamagitan ng pagsisilbi sa lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8! Higit ang pangangailangan para sa mga poll worker na bilingual o nagsasalita ng dalawa o higit pang wika! Para mag-apply, magtungo lamang sa [sfelections.org/pwa](https://sfelections.org/pwa) o tumawag sa (415) 554-4395.

Para makita ang kasalukuyang bukas na mga oportunidad para makapagtrabaho sa Departamento ng mga Eleksyon, bumisita sa [sfgov.org/jobs](https://sfgov.org/jobs).

## Malugod na Tinatanggap ang mga Taga-Obserba

Bukas sa personal o mula sa malayong lugar na pag-oobserba ng publiko ang mga proseso ng eleksyon. Para makita ang kalendaryo ng mga aktibidad na maaaring maobserba at alamin ang higit pa tungkol sa proseso ng pag-oobserba, magtungo sa [sfelections.org/observe](https://sfelections.org/observe) o makipag-ugnayan sa amin.

## Ang Aking Voter Portal

Bumisita sa [sfelections.org/voterportal](https://sfelections.org/voterportal) para matiyak ang impormasyon sa inyong rehistrasyon, ma-access ang inyong halimbawang balota, piliin ang wika para sa inyong mga pang-eleksyong materyales o mga kagustuhan sa format, masubaybayan ang inyong balota, makita ang inyong halal na mga opisyal, mga pinagbobotohang distrito, at iba pa.

## May mga katanungan? Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon!



English: (415) 554-4375

Español: (415) 554-4366

中文: (415) 554-4367

Filipino: (415) 554-4310

TTY: (415) 554-4386

[SFVote@sfgov.org](mailto:SFVote@sfgov.org)

[sfelections.org](https://sfelections.org)

Department of Elections  
1 Dr. Carlton B. Goodlett Pl.  
City Hall, Room 48  
San Francisco, CA 94102

    /sfelections